



EMERGENCY MOBILE ALERT



Kung ang iyong buhay, kalusugan o propyedad ay lubhang nasa panganib, maaaring magpadala ng Emergency Mobile Alert sa iyong mobile phone.

Ang Emergency Mobile Alert ay isang mensahe na ipadadala sa iyong mobile phone ng isang awtorisadong ahensya. Ito ay lilikha ng malakas na ingay bilang hudyat sa iyo.

Ano ang dapat kong gawin kung nakatanggap ako ng isang Emergency Mobile Alert?

Ihinto ang iyong ginagawa at sundin ang mga tagubilin.

Ang Emergency Mobile Alert na mga mensahe ay ipinadadala lamang:

- kung may malubhang banta sa buhay, kalusugan o propyedad; o
- nang minsan o dalawang beses isang taon para sa layuning pagsusuri.

Kung ikaw ay nakatanggap ng babala, tratuhin itong mahalaga at gawin ang sinasabi nito.

Hindi lahat ng telepono ay kayang tumanggap ng Emergency Mobile Alert, kaya kung nakatanggap ka ng babala, ibahagi ito sa iba.

Inaasahan namin na ang karamihan sa mga teleponong binili pagkatapos ng 2017 ay makatanggap ng mga Emergency Mobile Alert.

Kailangan ko bang mag-sign up upang tumanggap ng mga Emergency Mobile Alert?

Hindi kailangang mag-sign up o mag-download ng app. Ang mga babala ay nakatarget sa mga apektadong lugar, kaya makukuha mo lamang ang mga ito kung ang emerhensiya ay nasa inyong lugar.

Kung naka-on ang iyong telepono, kayang tumanggap ng mga ito at nasa loob ng tinarget na lugar, matatanggap mo ang mga babala.

Sino ang makakapagpadala ng mga Emergency Mobile Alert?

Ang Emergency Mobile Alert na mga mensahe ay maipapadala lamang ng:

- National Emergency Management Agency (Pambansang Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya)
- Civil Defence Emergency Management Groups (Mga Grupong Namamahala ng Emerhensiya sa Tanggulang Sibill)
- Pulisya ng NZ
- Fire and Emergency New Zealand (Sunog at Emerhensiya ng New Zealand)
- Ministro ng Kalusugan, at
- Ministro para sa mga Pangunahing Industriya.

Ang Emergency Mobile Alert ay hindi papalit sa ibang mga channel.

Ang Emergency Mobile Alert ay isa lamang **karagdagang** channel upang panatilihin kang ligtas at may-kaalaman sa isang emerhensiya. Ang mga babala ay hindi papalit sa iba pang pambabalang sistema, o sa pangangailangang kumilos kasunod ng mga likas na babala.

MGA PARAAN UPANG MANATILING MAY-KAALAMAN



TV



Radyo



Social Media



Internet




Emergency Mobile Alert

Ikaw ay dapat ring maging handa para sa isang emerhensiya, at hindi mo dapat hintaying tumanggap ng babala bago ka kumilos. Kung sa palagay mo ay nasa panganib ang iyong buhay, huwag maghintay ng opisyal na babala. Kumilos kaagad.

Maglaan ng oras upang gumawa ng sariling pang-emerhensiyang plano na kabibilangan ng mga dapat gawin, saan pupunta, sino ang makatutulong sa iyo at sino ang maaaring mangailangan ng iyong tulong. Ikaw ay makagagawa ng plano sa online sa getready.govt.nz.

Paano gumagana ang Emergency Mobile Alert?



1. Aalamin ng awtorisadong ahensya ang apektadong lugar at lilikha ng babala.
2. Ang babala ay ibobrodkast mula sa nauugnay na mga cell tower.
3. Ang mga may-kakayahang mobile phone sa apektadong lugar ay tatanggap ng babala.

Ang Emergency Mobile Alert ay gumagamit ng isang nakalaang senyal, kaya ito ay mas maaasahan sa isang emerhensiya sakaling ang trapik sa mobile phone at internet ay mag-overload sa network.

Hindi mahalaga kung aling network ang ginagamit mo. Anumang may kakayahang telepono na pumapasok sa lugar sa panahon ng pagbrodkast ay tatanggap ng babala.

Maaari ko bang piliing hindi tumanggap ng mga Emergency Mobile Alert?

Dahil ang Emergency Mobile Alert ay tungkol sa pagpapanatili ng iyong kaligtasan, hindi mo makakansela ang pagtanggap ng mga Emergency Mobile Alert. Ang mga babala ay hindi tumatarget ng partikular na mga telepono, sa halip ang mga ito ay ibobrodkast sa isang tinarget na lugar na nanganganib. Ang Emergency Mobile Alert ay hindi gagamit ng numero ng iyong mobile phone o mangongolekta ng impormasyon tungkol sa iyo.